

## Coronavirus (COVID-19) - Pagdalaw sa Ospital para sa mga Pasyenteng may mga Kapansanan

**Mayo 2018 – Pub.#7154.08 - Tagalog**

Ang ilang doktor at ospital ay may tuntuning “walang mga dalaw” dahil sa COVID-19. Nagpadala ang Estado ng California ng Sulat<sup>1</sup> sa mga ospital at iba pang pasilidad na pangkalusugan tungkol sa mga tuntuning ito. Sinasabi sa Sulat na ang mga taong may mga kapansanan ay paminsan-minsang kailangang magsama sila ng taong tagasuporta sa ospital o sa doktor. Ang kopya ng sulat na ito ay nasa hulihan ng dokumentong ito. Patuloy na magbasa para malaman ang tungkol sa iyong mga legal na karapatan.

Ang mga Pasyenteng May mga Kapansanan ay Maaaring Magsama ng Taong Tagasuporta Kapag Kinakailangan para sa Patas na Pangangalaga

- ✓ Karamihan sa pasyenteng may mga kapansanan ay kailangan ng taong tagasuporta kapag sila ay nasa ospital.
  - Dapat ibigay ng mga ospital at doktor sa *lahat* ng taong may mga kapansanan ang “mga makatwirang pagbabago” na kanilang kailangan para makakuha ng patas na pangangalaga.

---

<sup>1</sup> Department of Public Health, All Facilities Letter 20-38.1, *Patnubay sa mga Limitasyon ng Dalaw (Visitor Limitations Guidance)* (Mayo 2, 2020) sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CHCQ/LCP/Pages/AFL-20-38.aspx>

- Ang “mga makatwirang pagbabago” ay mga pagbabago na kailangan ng mga taong may kapansanan upang maging patas. Ang isang halimbawa ay payagan kang magkaroon ng kasamang taong tagasuporta sa ospital.
  
- Ang taong tagasuporta ay maaari kang tulungan sa iba’t ibang paraan tulad ng:
  - makipag-usap o makipag-ugnayan sa iba.
  - maglakad-lakad sa iyong silid at sa ospital.
  - bumuti ang pakiramdam at di-gaanong mag-alala
  - tulungan ka sa mga bagay tulad ng sa pagkain at manatiling malinis.
  
- Ang taong tagasuporta ay maaaring maging ang iyong personal na katulong sa pangangalaga, isang miyembro ng pamilya, isang kaibigan, o iba pang caregiver.

### Ang Taong Tagasuporta ay Hindi Maaaring May Sakit at Dapat Nakasuot ng Mask

- ✓ Wala dapat COVID-19 ang taong tagasuporta o anumang senyales ng pagkakasakit ng COVID-19. Pinapahintulutan ang ospital o doktor na suriin ang mga taong tagasuporta para sa COVID-19.
  
- ✓ Dapat sundin ng iyong taong tagasuporta ang mga tuntunin tungkol sa personal protective equipment (pansariling pananggalang kagamitan). Paminsan-minsan itong tinatawag na “PPE” sa maikli.
  - Ang mga mask at gloves ay mga halimbawa ng personal protective equipment. Ang iyong taong tagasuporta ay dapat magsuot ng personal protective equipment kung sasabihing gawin ang mga ito ng ospital o doktor.
  
  - Dapat dalhin ng taong tagasuporta ang sarili nilang mask at gloves. Kung walang sarili mask at gloves ang taong tagasuporta, dapat silang manghingi sa lugar ng check-in ng dalaw.

## Ang mga Pasyenteng may mga Kapansanan ay Maaaring Magkaroon ng mga Video at Teleponong Tawag, Nang May Tulong at Ekstrang Oras kung Kinakailangan

- ✓ Maaari kang magkaroon ng mga video at teleponong tawag gamit ang mga telepono o tablet o computer.
- ✓ Maaaring kailanganin mo ng tulong para gumamit ng telepono, computer, tablet o iba pang aparato. Maaaring kasama sa tulong na ito ang:
  - Isang taong kawani para tulungang gumamit ng telepono, tablet, o computer.
  - Mas malaking screen o isang videophone o iba pa para sa iyong kapansanan.
  - Ekstrang oras sa isang computer o iba pang aparato na pagmamay-ari ng ospital at hinahayaang gumamit ang mga pasyente.

## Ang mga Tuntunin tungkol sa mga Dumadalaw ay Dapat maging Pampubliko

- ✓ Dapat sabihin ng mga ospital at doktor sa iyo at sa iyong pamilya ang lahat ng kanilang tuntunin para sa mga dumadalaw. Dapat pinag-uusapan sa mga tuntunin ang tungkol sa mga taong tagasuporta para sa mga taong may mga kapansanan. Dapat ding pag-usapan sa mga tuntunin ang tungkol sa PPE tulad ng mga mask at gloves.
- ✓ Dapat maglagay ng mga karatula ang mga ospital at doktor tungkol sa mga dalaw sa gusali, sa mga parking lot, at kung saan ka pumapasok. Dapat nilang ipaskil ang kanilang mga tuntunin sa online at sa Facebook, Instagram, at iba pang lugar. Dapat nilang siguruhin na mauunawaan mo ang mga tuntuning ito.

## **NARITO KAMI PARA TUMULONG**

Narito ang Disability Rights California at DREDF para tumulong. Kung ikaw o isang tao na kilala mo ay may mga problema sa pag-access sa iyong taong tagasuporta o gumagawa ng mga pagdalaw sa online o telepono, mangyaring kontakin kami.

### **Disability Rights California**

Telepono: 1-800-776-5746

Bisitahin ang: <https://www.disabilityrightsca.org/>

### **Disability Rights Education and Defense Fund**

Telepono: (510) 644-2555

Bisitahin ang: <https://dredf.org/>